



BANGHAY-ARALIN SA ARALING PANLIPUNAN 2 (IPED Lesson Plan) Dumagat Remuntado in Rizal

Unang Markahan

Linggo 1- Unang Araw

Aralin 1.2: Ano ang Komunidad

I. Layunin

- Nasasabi ang payak na kahulugan ng pangkatutubong komunidad na kinabibilangan.
- Natutukoy ang mga bumubuo ng pangkatutubong komunidad na kinabibilangan.
- Napapahalagahan ang komunidad na kinabibilangan.

II. Paksang-Aralin

Komunidad:

Komunidad ng Katutubong Dumagat Remuntado

Sanggunian: Grade 2 CG **AP2KOM-Ia-1**, Yugto ng Buhay, IKSP, Elders

Background Information for Teachers:

Pondohan- nakaugaliang pagtatayo ng habong ng mga dumagat sa tabing ilog tuwing tag-araw namay isa o tatlong tokod.

Rungarong o Talikod mundo – uri ng pondohan na may isang tukod lamang.mga kubo na gawa sa dahon ng saging o niyog.

Megbolong- tinuturing na manggagamot sa tribu

Tribal hall- sentrong pulungan at pamahalaan ng mga katutubo

Kagamitan: Larawan ng iba't ibang komunidad, ppt

Integrasyon: Filipino, MTB-MLE, ESP

Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa komunidad na kinabibilangan.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Pagtukoy sa mga pumasok
Nandito – *weyo ok (wikang Dumagat)*
Wala dito – *eyen (wikang Dumagat)*
2. Paghahawan ng Balakid:
Magpakita ng larawan ng mga katutubong Dumagat
Remuntado, o ang mga batang mag-aaral
mismo
3. Pagganyak na tanong:
Ano ang komunidad?

B. Paglalahad:


- a. Pagpapakita ng larawan ng katutubong komunidad.
- b. Itanong:
Ano-ano ang mga nakikita niyo sa bawat komunidad
na nasa larawan? Ano-ano ang bumubuo ng isang
komunidad? Isa isahin ito.
- c. Isulat sa pisara ang mga kasagutan ng bawat mag-aaral
at pag-usapan ito.
- d. Linawin ang ibig sabihin ng komunidad at iugnay sa aralin.

C. Panlinang na Gawain:

1. Gawain A:
Iguhit sa bawat kahon ang mga nakikita niyo sa
komunidad at ipaskil sa pisara.
Ipasagot ang mga sumusunod na tanong:
 - a. Ano-ano ang bumubuo sa bawat komunidad?
 - b. Sino-sino ang magkaparehas ang naiguhit?
 - c. Sino ang naiiba?
2. Gawain B.
Isulat ang mga nakikita niyo sa pangkatutubong komunidad
at ipaskil sa pisara.
Ipasagot ang mga sumusunod na tanong:
 - a. Ano-ano ang mga nakikita niyo sa komunidad ng
isang katutubo?
 - b. Ano ang mga nakikita niyo sa ating paligid na hindi
niyo nakita sa larawan?

D. Pangkatang Gawain:

Pangkat 1. Isulat sa bilog ang mga bumubuo ng komunidad.



Pangkat 2. Iguhit ang iyong komunidad na kinabibilangan. Ano-ano ang mga nakikita mo sa inyong komunidad.

Pangkat 3. Piliin sa kahon ang mga larawang hindi nakikita sa katutubong komunidad? (*Ilagay sa magic box ang larawan ng hospital, tribal hall, parke, larawan ng bahay ng megbolong, paaralan*)

Mga Gabay na tanong:

1. Ano-ano ang mga kabilang sa isang komunidad ng Pangkat 1?
2. Ano-ano ang mga nakikita niyo sa katutubong komunidad?
3. Alin sa mga iginuhit ng pangkat 2 ang wala sa isinulat ng pangkat 1? Bakit?
4. Bakit napili ninyo ang hospital, parke at palengke? Wala ba ito sa komunidad ng katutubo? pangkat 3. Ipaliwanag ang sagot.
5. Paano mapahalahan ang komunidad na kinabibilangan?

E. Paglalahat:

Ano ang kahulugan ng komunidad?
Ano-ano ang mga bumubuo ng komunidad?
Saan maaaring matagpuan ang komunidad?

Tandaan Natin:

Ang komunidad ay binubuo ng paaralan, pamilihan, pook libangan, sambahan, sentrong pangkalusugan at mga panahanan o bahayan (pondohan). Mayroong ding mga komunidad na kung saan hindi lahat ay makikita ang mga ito.

IV. Pagtataya:

Buuin ang usapan sa kahon.

Ano ang kahulugan mo ng komunidad?

Ang komunidad ay

Ito ay binubuo ng

V. Takdang aralin:

Iguhit ang iyong sariling komunidad at kulayan ito. Isulat ang mga nakikita niyo na bumubuo ng iyong komunidad.

VI. Karagdagang Gawain:

Maaaring ilabas ang bata upang ilibot o ipakita ang bumubuo sa komunidad na may tamang pahintulot at gabay ang magulang.